



## 1 | Salita

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol . . .* **MGA GAWA 2:42**

Ipinakita nila na bilang isang iglesya, dapat tayong maging masigasig sa pag-aaral ng Salita ng Diyos—ang mga *itinuturo ng mga apostol*, na nagmumula sa karunungan ibinigay sa kanila ng Banal na Espiritu. Paano mo ipinapakita ang debosyon mo sa Salita ng Diyos? Paano ka nagsasaliksik sa Salita ng Diyos?

---

---

## 2 | Komunidad

*Naging masigasig sila sa . . . pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay . . .* **MGA GAWA 2:42**

Ang mga sinaunang disipulo ay naging masigasig din sa *pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay*. Binigyan nila ng halaga ang komunidad ng mga mananampalataya, ang katawan ni Cristo. Gaano ka kasigasig na pahalagahan ang komunidad ng iglesya? Ano ang nangyayari kung hindi naaalagaan ang mga relasyon sa iglesya?

---

---

## 3 | Panalangin

*Naging masigasig sila sa . . . panalangin.* **MGA GAWA 2:42**

Ang iglesya ay naging masigasig din sa *panalangin*. Ang mga panalangin ay nangangahulugan ng palagiang pakikipag-usap sa Diyos, bilang isang indibidwal at bilang isang grupo. Kung tayo ay masigasig sa panalangin, naglalaan tayo ng oras upang makipag-usap sa Diyos at ipagkatiwala sa Kanya ang lahat ng ating mga pinangangambahan. (1 Pedro 5:7). Nagtitiwala tayo sa kapangyarihan ng Diyos na tumugon sa ating panalangin ayon sa Kanyang layunin. Gaano kadalas ka nanalangin? Paano ka nabibigyan ng kasiglahan at kaginhawahan sa tuwing ikaw ay nanalangin?

---

---

### APPLICATION

- Inilaan mo na ba ang buhay mo sa Diyos? Gusto mo bang gawin ang desisyon na ito ngayon?
- Alin sa pag-aaral ng Salita ng Diyos, pagtitipon bilang magkakapatid, at paghahati-hati ng tinapay ang pinaka nahihirapan kang gawin? Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin upang baguhin ito ngayong linggo?
- May isang bagay ka bang pinaglalaanan ng panahon na alam mong hindi tama? Ipanalangin ito sa Panginoon. Mag-isip ng isang bagay na maaari mong gawin upang makasanayang ilaan ang oras mo sa mga tamang bagay.